# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 43 BILANG 7 | BASAHIN AT TALAKAYIN | HULYO 2023



EDITORYAL

## Papag-alabin ang pakikibakang bayan laban sa rehimeng US-Marcos-Duterte

Inhustisya, karahasan, kahirapan at pangangayupapa sa dayuhan ang nasaksihan at pinagdusahan ng bayan sa unang taon ng ilehitimong rehimeng US-Marcos-Duterte. Pinasidhi nito ang krisis sa ekonomya, pulitika at kultura bunga ng mga neoliberal at pasistang patakaran na ipinataw sa bansa sa dikta ng imperyalismo. Binibigyang tulak nito ang maalab na pakikibaka upang ibagsak ang salot na imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo na siyang nagluklok sa pangkating Marcos-Duterte.

Mas madilim na kinabukasan ang hatid nina Ferdinand Marcos Jr. at Sara Duterte sa mamamayang Pilipino matapos dayain ang eleksyong 2022 para sulutin ang pagiging presidente at bise-presidente. Ipinagpapatuloy nila ang kasaysayan ng kanilang pinagmulang dinastiya sa kamay-na-bakal na paghahari, pangungulimbat sa yaman ng bayan at pakikipagkutsabahan sa mga dayuhan. Buong taong kinokopya at pinipilit pantayan ni Marcos Jr. ang diktador na ama habang si Duterte ay hayagang inieendorso ang mga kontra-rebolusyonaryong instrumento lalo ang NTF-ELCAC na pinasimulan ng kanyang ama. Bagamat may balyahan sa pagitan ng dalawa para sa kapangyarihan, nagkakasundo sila sa panunupil sa taumbayan at pagpapatupad ng neoliberalismo para tugunan ang makasariling interes at utos ng imperyalismo.

Prinayoridad ng papet at ilehitimong rehimen ang pang-ekonomikong interes ng imperyalismo at lokal na naghaharing uri. Pinalala ang liberalisasyon sa agrikultura at pinadali ang pagdambong ng mga dayuhang kapitalista sa rekurso ng bansa. Inilako ang mga kabundukan para sa pagmimina at pinresyur ang mga lokal na gubyernong may *moratorium* sa mina na bawiin ang lokal na ordinansa. Pumasok ang bansa sa pakana ng China na Regional Comprehensive Economic Partnership habang todong inengganyo ang dayuhang



KALATAS

Hulyo 2023
TOMO 43 BILANG 7

NILALAMAN

1 Papag-alabin ang pakikibakang bayan laban sa rehimeng US-Marcos-Duterte
3 Ayon kay Ka Joma
4 Ahunan Dam: Huwad na proyektong pangkaunlaran at pangkalikasan
4 Ang kwestyonableng papel ng UP Land Grant sa Ahunan Dam
5 Mga negatibong epekto ng proyektong Ahunan, tinalakay
6 Krisis sa pagkatuto, sintomas ng bulok na sistema ng edukasyon
8 Kilos Protesta: Mamamayan ng TK, nakiisa sa protesta sa SONA ni Marcos Jr.
9 Tugon ni PdG: Bakit pamatay na dagok ang liberalisasyon sa industriya ng asukal?
11 Mga tampok na punto sa kasaysayan ng produksyon ng asukal
12 Kilos Protesta at Bantay Karapatan
13 Ang krisis sa China at epekto nito sa daigdig
14 Bantay Karapatan: Mga Mindoreño, biktima ng terorismo ng 203rd IBde
15 'Panagutin ang PCG sa pagkamatay ng 27 pasahero ng lumubog na Aya Express'
16 Kultura: Si Gani at ang mundo ng maliliit na tao

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

pamumuhunan ng US, kabilang ang para sa mapanganib na enerhiyang nukleyar.

Sa kabilang banda, tahasang sinagasaan ang kabuhayan ng masang anakpawis at ibayong pinalala ang kahirapan at kagutuman sa buong bayan. Hinaharap ng mga drayber at maliliit na opereytor ang *jeepney phaseout* habang nadidisloka ang kabuhayan ng mga magsasaka't manggagawang bukid bunsod ng labis na importasyon ng produktong agrikultural. Inaprubahan ang mga proyektong reklamasyon, *renewable energy* at mina na may pangmatagalang negatibong epekto sa kapaligiran at nagdidisloka sa tirahan at kabuhayan ng malaking bilang ng mamamayan.

Tuluy-tuloy ang di-makatwirang paggasta sa kaban ng bayan. Buhos ang pondo sa pagbili ng mga sandata't sasakyang pandigma, sobrang taas na sweldo at pensyon ng mga militar at pulis at badyet para sa maruming kontra-rebolusyonaryong gera. Patuloy ang konstruksyon ng mga di-kailangang imprastraktura na bukod sa hihigop ng pampublikong pondo ay ipangungutang pa sa mga lokal at internasyunal na institusyong pampinansya. Sa ngayon ay umabot na ng halos P14 trilyon ang utang ng bansa.

Kahit depisito ang pondo, nilikha ang Maharlika Investment Fund para magkaroon ng bilyun-bilyong piso para sa korapsyon. Walanghiya ring pinadadagdagan ang alokasyon sa *confidential and intelligence funds* tungong P9.2 bilyon kung saan P5.21 bilyon ang laan kina Marcos Jr. (P4.56 bilyon) at Duterte (P650 milyon).

Sa pulitika, pangita ang rurok ng kabulukan sa pagbabalik-poder ng mga pinakamalalang magnanakaw at pasista. Sobrang takaw sa kapangyarihan kaya't ipinuwesto ang sarili sa malalaking ahensya—si Marcos Jr. sa Department of Agriculture at si Duterte sa Department of Education (DepEd). Itinalaga ang mga alipures sa mga ahensyang may malaking pondo tulad ni Antonia Yulo-Loyzaga ng Department of Environment and Natural Resources, Manuel Bonoan sa Department of Public Works and Highways, at subok nang tuta ng US gaya ni Gilbert Teodoro sa Department of National Defense.

Upang tiyakin ang kapit sa pwesto, todo ang pagpapakatuta ni Marcos Jr. sa among US. Ilang beses siyang nakipagpulong kay Biden at iba pang opisyal ng US. Pinagkasunduan ang pagdadagdag ng mga base militar ng US at pinadalas ang mga ehersisyong militar sa pagitan ng AFP, pwersang US at pati mga alyado nito. Pinarami ang mga tropang Amerikano at kanilang mga kagamitan sa loob ng Pilipinas, lahat sa tabing ng pagtatanggol diumano laban sa agresyong Chinese sa West Philippine Sea.

Sa basbas ng imperyalismo umiiral ang di-deklaradong Martial Law. Tumindi ang militarisasyon at walang habas na panunupil sa lahat ng anyo ng pakikibaka. Agad na ipinasa ang SIM Card Registration Law upang kumpletuhin ang pagtatayo ng *surveillance state*. Largadong ginagamit ang Anti-Terrorism Law at pinanatili ang NTF-ELCAC para atakehin ang mamamayan. Sa pamamagitan ni Duterte sa DepEd at *mandatory* Reserved Officers Training Course, pinapasok ng mga sundalo't pulis ang mga eskwelahan. Nais nilang isaksak sa isip ng mga kabataan ang panatikong doktrinang anti-komunista at gawin silang mga bulag na tagasunod ng mapanupil na sistema.

Nanatili ang tagibang na timbangan ng hustisya pabor sa naghaharing-uri, gaya ng pag-abswelto kay Imelda Marcos sa mga

kasong pandarambong habang sinasabotahe ang pang-uusig ng International Criminal Court sa matandang Duterte hinggil sa brutal na gera kontra-droga. Nagsisilbi ang Korte Suprema at Department of Justice upang patibayin ang mga baluktot na husga hinggil sa mga krimen ng mersenaryong hukbo gaya ng kaso ng Bloody Sunday Massacre at bihisan ng ligalidad ang mga pasistang hakbang ng estado.

Sa ganitong klima ng impyunidad namamayagpag ang AFP-PNP na pangunahing bisig sa pagpapatupad ng kontra-rebolusyonaryong gera. Ipinagtatanggol sila ni Marcos Jr. mula sa pagsasakdal ng mamamayan kaugnay ng kanilang mga krimen at pangyuyurak sa karapatang tao at pandaigdigang makataong batas. Patuloy silang binubundat ng pondo para sa paniktik, modernisasyon, pensyon at iba pang pabor. Katunayan, urong-sulong si Marcos Jr. sa pagrereporma sa sistema ng pensyon ng mga unipormadong tauhan at militar sa takot na bweltahan ng AFP.

Sumasandal ang rehimen sa sandatahang pwersa para salagin ang lahat ng banta rito lalo na ngayong unti-unting nauungkat ang pandaraya sa eleksyong 2022. Pilit pinagtatakpan ngunit umuugong ang anomalya sa pagkadiskubre ng paglabag ng COMELEC sa proseso ng transmisyon ng tinatayang higit 20 milyong boto.

Tumatalim ang mga kontradiksyon at nagiging mas mabalasik ang estado sa gitna ng papasidhing krisis ng malakolonyal at malapyudal na lipunang Pilipino. Ang terorismo ng rehimeng Marcos-Duterte at desperadong hakbang ng imperyalismong US na itaguyod ang hegemonya sa Asya ang siya mismong naglalatag ng kundisyon para sa pagpapanibagong daluyong ng pambansa demokratikong rebolusyon. Pinasisiklab nito ang armadong pakikibaka para kamtin ang tunay na kalayaan at demokrasya.

Dapat tipunin ang galit ng bayan sa mga Marcos-Duterte at igatong ito sa marubdob na pakikibaka para sa karapatan, lupa, kabuhayan at hustisyang panlipunan. Pukawin ang mamamayan na mag-organisa ng sarili upang igiit ang kanilang lehitimong kahilingan para sa sahod, trabaho, karapatan sa lupa at serbisyong panlipunan. Ipagtanggol ang mga komunidad at kalikasan laban sa mga mapaminsalang proyekto ng mga imperyalista, burgesya kumprador kakutsaba ang reaksyunaryong gubyerno. Magiting na labanan ang mersenaryong hukbo't pulis at singilin sila sa kanilang utang na dugo sa bayan. Iputok ang mga protesta sa lansangan, paaralan, pagawaan at mga komunidad at ilunsad ang malilikhaing anyo ng pagkilos na salaminan ng pagkakaisa ng mamamayan.

Kailangang payabungin ang lahat ng anyo ng paglaban, mula ligal, iligal, mala-ligal, armado at di-armadong pakikibaka. Palakasin ang pambansa demokratikong kilusan na siyang bag-as ng paglaban sa ilehitimong rehimeng Marcos-Duterte. Dapat paramihin at palawakin ang mga lihim na rebolusyonaryong organisasyong masa ng mga magsasaka, manggagawa, kabataan, kababaihan, pambansang minorya, iba't ibang propesyunal at mga aping sektor. Ang mga ito ang inaasahang magluwal ng suporta para sa armadong pakikibaka na siyang mapagpasya sa pag-abante't pagtatagumpay ng digmang bayan. K




"Hindi maihihiwalay sa pakikibaka para sa matagalang kapayapaan ang pakikibaka para sa pambansa't panlipunang pagpapalaya. Hanggat umiiral ang kolonyalismo, imperyalismo at neo-kolonyalismo—na pinangungunahan ng imperyalismong US—at hangga't ang imperyalismong US ay nananakop at nagsasamantala sa mga mamamayan ng buong mundo, walang tunay na matagalang kapayapaang malilikha ng kahit alinmang sambayanan nang walang puspusang rebolusyonaryong pakikibaka. Tanging sa pagpapatuloy ng puspusang pakikibaka laban sa imperyalismong US natin makakamit ang tunay na kapayapaan sa halip na sa kapitulasyunistang pagpapaliban sa pakikibaka o pagpapatagal sa paghahari ng imperyalismo."

*- mula sa Ang Imperyalismong US at ang Rebolusyonaryong Internasyunalismo, Makibaka para sa Pambansang Demokrasya*

# Ahunan Dam: Huwad na proyektong pangkaunlaran at pangkalikasan

Ang Ahunan Pumped Storage Hydropower Project o mas kilala bilang Ahunan Dam ay isang mayor na proyektong pang-enerhiya sa Laguna. Layunin nitong lumikha ng 1,400 MW ng kuryente bilang dagdag na suplay ng kuryente para sa Metro Manila. Itinuturing itong *renewable energy project* ng Department of Environmental and Natural Resources, at umano'y hindi makakasira sa kalikasan. Sa kasalukuyan, tuluy-tuloy ang konstruksyon ng Ahunan Dam.

Sasaklaw ang dam ng 299 ektarya sa mga barangay ng Baño, Rizal, Taft at Burgos sa Pakil at ilang bahagi ng katabing bayan ng Pangil. Kukuha ito ng tubig mula sa Lawa ng Laguna at iaahon ito tungo sa malaking dam o imbakan ng tubig sa ibabaw ng bundok ng Pakil. Mula roon, ibabagsak ang tubig upang lumikha ng kuryente.

Pangangasiwaan ito ng kumpanyang Prime Infra Capital Inc. ni Enrique Razon at ng *portfolio company* nitong Ahunan Power, Inc. Samantala, balak ding itayo ng Belisama Hydropower Corp. ni Gregorio Araneta ang Belisama Dam sa limang barangay ng Pakil at Pangil.

**Kasaysayan ng proyekto**

Ang Ahunan Dam ay kawangis ng proyektong Sierra Madre Water Corporation 35 MW Multi-river Hydropower Cum Bulk Water Project o mas kilala bilang Sierra Madre Dam na unang inihapag noong 2012. Tinatarget ng Sierra Madre Dam na lumikha ng kuryente at malinis na tubig para isuplay sa Metro Manila. Balak ito noong itayo sa kabundukan at balisbisan ng Bundok Sierra Madre sa mga bayan ng Real, Quezon at Pangil, Pakil at Paete sa Laguna, at may kabuuang saklaw na 200 ektarya. Tinutulan ito ng malawak na mamamayan kaya pagsapit ng 2014 ay hindi na umusad ang proyekto.

Ngayon, waring itinutuloy ang Sierra Madre Dam sa pamamagitan ng Ahunan Dam at limang *hydropower project* sa ilalim ng Repower Energy Development Corporation.

Ipinangalan ang Ahunan Dam sa daan-taong tradisyon ng mga taga-Pakil na Ahunan sa Ping-as, isang relihiyosong pista kung saan inaahon ng mga deboto ang sagradong Bundok ng Ping-as bilang panata ng kanilang pananalig. Hindi matanggap ng mga deboto ang proyektong ito dahil sinasalaula ang kanilang tradisyon at sisirain pa ang bundok.

**Epekto ng proyekto**

Tusong ibinabandera bilang maka-kalikasang solusyon ang *hydropower* dahil hindi umano ito naglalabas ng *greenhouse gas* na dahilan ng pag-init ng mundo o *climate change*. Gayunman, ang isang kahalintulad na dambuhalang dam na tulad nitong Ahunan na magpapalubog ng ilandaang ektaryang lupain kabilang ang mga kabundukan ay may masamang epekto sa kalikasan. Epektibong humihigop ang mga gubat ng *greenhouse gas* kaya't ang

## Ang kwestyonableng papel ng UP Land Grant sa Ahunan Dam

Noong 1930 at 1964, sa ilalim ng RA 3608 at RA 3990, ipinangasiwa sa Board of Regents ng University of the Philippines ang mga bahagi ng lupang publiko sa hangganan ng mga lalawigan ng Quezon at Laguna. Ang 3,435 ektarya sa Paete ang tinaguriang Laguna Land Grant (LLG), habang ang 6,765 ektarya sa Siniloan, Laguna at Real, Quezon ay naging bahagi ng Laguna-Quezon Land Grant (LQLG). Ang dalawang ito ay tinaguriang UP Sierra Madre Land Grants. Magsisilbi umano itong *biodiversity reserve* at *central experiment station* ng mga kolehiyo sa unibersidad. Kasalukuyan itong nasa pangangasiwa ng UP-Los Baños, sa ilalim ng Laguna Land Grant Management Office.

Ilang bahagi ng UP Land Grant sa bayan ng Pakil, Laguna ang masasaklaw ng Ahunan Dam subalit tikom ang bibig ng administrasyon ng unibersidad hinggil dito. Kataka-takang kahit nakalaan sa preserbasyon ng kalikasan at pananaliksik, ibinukas ang lupain ng UP sa mga proyekto ng malalaking burgesya-kumprador tulad ni Enrique Razon.

Kabaliktaran ng akomodasyon sa mga mapanirang negosyo ang panunupil ng mga *security guard* ng UP Land Grant sa mga magsasaka simula 2008. Layon nitong palayasin ang komunidad ng magsasakang bahagi ng Integrated Social Forest Development Organization at naninirahan sa 1,400 ektaryang lupaing sakop ng UP. Higit 100 pamilya ang biktima ng pandarahas at panunulog ng ari-arian. K

kakulangan nito ay magreresulta sa pagdami ng hanging nagkukulong ng init sa kalawakan.

Bukod dito, hindi maiiwasan ang malalaking pagbaha dahil sa pagkakalbo ng kabundukan at pagsira sa likas na daloy ng tubig.

Apektado rin ang pangingisda at pagsasaka, ang dalawang pangunahing hanapbuhay ng mga taga-Pakil. Palalayasin sila sa kanilang mga tirahan at sakahan para bigyang-daan ang konstruksyon ng Ahunan Dam. Pinangangambahan din ang posibleng *fish kill* batay sa karanasan ng Caliraya-Butocan-Kalayaan Hydroelectric Powerplant. Naobserbahan na naging malangis ang mga isda na dating walang kaparis ang linamnam tuwing lilinisin ang nasabing planta.

Bukod pa rito, mula pa sa panahong itinatayo ang Sierra Madre Dam ay tumindi ang militarisasyon sa mga bayan ng Pakil at Pangil sa Laguna, pati sa mga karatig nitong bayan sa ibang probinsya. Hanggang sa kasalukuyan, ang proyektong ito ang dahilan sa likod ng mahigpit na pagbabantay at pandarahas ng mga *security guard* ng UP Land Grant, PNP Regional Public Safety Battalion at 1st IBPA sa masang anakpawis at mamamayang tumututol sa proyekto. Nire*red-tag* at hinaharas ang mamamayan, laluna ang mga lider ng mga organisasyong tumututol sa nasabing proyekto.

Noong Hunyo 2022, iligal na inaresto ng 24 pulis si Daisy Macapanpan, 68, sa kanyang tahanan sa Pakil, Laguna. Si Macapanpan ay tagapagtanggol ng kalikasan at lider ng paglaban sa Ahunan Dam. Dahil walang batayan ang mga kaso laban sa kanya, agad siyang nakalaya.

Nito namang Hulyo 31, binantaan ang isang magsasaka ng Pakil at pinipilit na ibenta ang kanyang lupang sasaklawin ng proyekto. Sapilitan daw itong kukunin sa kanya ng gubyerno kung hindi niya ito gagawin.

Sa kabila ng pandarahas, dumarami ang mamamayang nagsasalita laban sa proyekto. Ang mga residente, taong simbahan at propesyunal na nasa organisasyong Mamamayang Nagmamahal sa Pakil o MaNaPak ay mariing tumututol sa proyekto, kasama ng iba pang mga progresibo at maka-kalikasang grupo.

Ayon sa petisyon ng nagkakaisang mamamayan, "Ang mga biyaya ng kalikasan na ating minana mula sa ating mga ninuno ay dapat patuloy nating pagyamanin, ingatan at alagaan upang patuloy na pakinabangan ng mamamayan… Kung kaya kami, mamamayan ng Pakil at iba pang bayan sa Laguna at lalawigan sa kabila ng Sierra Madre at sa paligid ng lawa ng Laguna, ay nagpapahayag ng mahigpit na pagtutol at pagpapatigil sa Ahunan Dam." K

*BALITA*

# Mga negatibong epekto ng proyektong Ahunan, tinalakay

Tinalakay sa Ecumenical Forum sa Saint Peter of Alcantara Parish Church sa Pakil noong Hulyo 1 ang mga epekto ng Ahunan Pumped-Storage Hydropower Project sa kabuhayan ng mga residente, kultura at kalikasan. Ang organisasyong Mamamayang Nagmamahal sa Pakil o MaNaPak ang isa sa mga nanguna sa pagsasaayos ng aktibidad kasama ang mga residente, taong simbahan at grupong makakalikasan.


Ayon sa MaNaPak, dapat na magkaisa upang pigilan ang proyektong Ahunan para proteksyunan ang Sierra Madre.

Ayon naman sa isang inhinyero, maaaring ikalubog ng buong Pakil ang itatayong dam lalo sa panahong may malalakas na bagyong tumatama sa lugar.

Pinag-usapan din ang negatibong epekto sa kalikasan ng pagkakalbo at pagbubutas ng bundok. Binubulabog din ang komunidad ng mga militar at bayarang *goons*.

Kasama sa tinututulan ng mga dumalong grupo ay ang Belisama Pumped-Storage Hydropower Project na itatayo sa 5 barangay ng Pakil at Pangil. Proyekto ito ng kumpanyang Belisama Hydropower Corp. ng malaking burgesyang kumprador na si Greggy Araneta, bayaw ng reaksyunaryong pangulo.

Matapos ang *forum*, nagmartsa ang mga grupo sa palibot ng *poblacion* ng Pakil. K




*Poster ng Network Opposed to Ahunan Dam*

# Krisis sa pagkatuto, sintomas ng bulok na sistema ng edukasyon

Si Jerry, 8-taong gulang, Grade 2 sa Oriental Mindoro ay nangangarap maging guro. Subalit nananatili siyang hirap sa pag-aaral — papantig-pantig siyang magbasa at hindi niya pa ito nauunawaan, nakakapagsulat lamang siya kapag may kinokopya at hindi niya alam kung paano isulat ang pangalan ng kanyang ama.

Hindi naiiba ang kalagayan ni Jerry sa maraming bata at kabataan sa bansa. Ayon sa pag-aaral ng World Bank noong 2021, nasa 91% ang *learning poverty* o kahirapan sa pagkatuto ng mga bata at kabataan sa Pilipinas, ang pinakamataas sa Asia. Sa isang taong pag-upo ni Sara Duterte sa Department of Education (DepEd), hindi tinurol ang problemang ito sa halip, lalupang pinalala ang krisis sa edukasyon.

**Maling solusyon sa krisis**

Binalangkas ng DepEd ang panibagong Matatag K-10 *curriculum* bilang solusyon sa krisis sa pagkatuto at ipatutupad na ito sa darating na pasukan sa ilang piling paaralan. Babawasan ng Matatag K-10 ang mga *subject* na itinuturo sa mga paaralan sa layuning itaas ang kakayanan sa pagkatuto partikular sa orasiya (komunikasyong berbal), literasiya at numerasiya. Sa bagong kurikulum, pinagsama sa bagong *subject* na Makabansa ang Araling Panlipunan (AP) at Music, Arts, Physical Education and Health (MAPEH). Tinatayang sa 2028 ipatutupad ito sa buong bansa.

Ngunit walang garantiya na ang *decongestion* ay magreresulta sa mas mataas na pagkatuto ng mga estudyante. Nababahala ang ilang mga eksperto sa biglang pagtuturo ng English at Filipino sa Grade 2 nang hindi muna ito itinuturo sa Kinder at Grade 1.

Taliwas sa sinasabing *decongestion*, isisiksik ang "*peace education*" sa subject na Makabansa sa tulak ni Duterte na umuupong *co-vice chair* ng NTF-ELCAC. Tiyak na magiging tabing ito para lasunin ang isip ng mga kabataan at idemonisa ang mga progresibong organisasyon, at higit sa lahat, ang rebolusyonaryong kilusan.

Hindi demokratikong binuo ang Matatag K-10 dahil ayon sa Alliance of Concerned Teachers (ACT), hindi kinonsulta ng DepEd ang mga guro at estudyante hinggil dito. Ang hindi demokratikong pamamalakad sa DepEd ay tatak ni Duterte. Bukod sa kurikulum, hindi rin ikinonsulta ang *memo* sa pagpapagana ng mga *learning camp* tuwing bakasyon at pagtatanggal ng mga "dekorasyon" na *visual aids* sa mga pader dahil "sagabal sa pagpopokus ng mga estudyante". Tinuligsa ito dahil dinodoble ang mga pasanin ng mga guro at kabataan at mistulang nagpapataw ng kamay-na-bakal sa loob ng mga silid-aralan.

**Masahol na kalagayan ng edukasyon**

Nananatiling bulok ang sistema ng edukasyon na pangita sa kakulangan ng mga silid-aralan, kagamitan sa pag-aaral, kakulangan sa mga guro at kanilang kagamitan sa pagtuturo hanggang sa mataas na matrikula at gastusin sa pag-aaral.

Noong 2022, nagsiksikan ang 28 milyong estudyante sa 327,851 *school building* ng mga pampublikong paaralan kung saan 104,536 lamang ang nasa mabuting kondisyon. Sa pagbubukas ng kasalukuyang *school year*, kulang ng 159,000 silid-aralan para sa 22.7 milyong estudyante sa mga pampublikong paaralan. Mas mataas ito kaysa sa 91,000 na depisito noong 2022. Sa kasalukuyang badyet, 1,628 lamang ang target ng DepEd na maipatayo pagsapit ng 2024. Labas pa rito ang iba pang mga silid-aralan na kinakailangang kumpunihin.

Nagdurusa ang mga estudyante sa loob ng mga mainit at bulok na silid-aralan. Hiling ni Arvin, 12, estudyante ng Grade 7 sa Sta. Rosa City, Laguna, na magpagawa ang DepEd ng mga silid-aralan na maluwag at may sapat na bentilasyon upang makapokus sa pinag-aaralan. Sa Occidental Mindoro, naiulat na isinugod ang 145 estudyante sa ospital dahil sa *heat stroke* noong Abril. Ang ilang paaralan ay nagsuspinde ng klase dahil sa sobrang init dulot ng matagalang *brownout*.

Ginawang tatlong *shift* ang palitan ng mga estudyante sa buong araw para angkupan ang kakulangan sa silid-aralan. Pahirap ito sa mga estudyante ng CALABARZON at National Capital Region na may pinakamaraming naka-

## MATATAG K-10 KURIKULUM


| BAITANG | SUBJECT |
|---|---|
| Grade 1 | Language, Reading and Literacy, Math, Makabansa, Good Manners and Right Conduct (GMRC) |
| Grade 2 | English, Filipino, Math, Makabansa, GMRC |
| Grade 3 | English, Filipino, Science, Math, Makabansa, GMRC |
| Grade 4-10 | English, Filipino, Science, Math, AP, MAPEH, Technology and Livelihood Education, GMRC (Values mula Grade 7-10) |

*enrol* dahil hindi nalulubos ang pag-aaral na pilit pinagkakasya sa maikling panahon. Pasakit din ito sa mga guro na nadadagdagan ang oras ng pagtuturo at dumodoble ang bilang ng mga estudyanteng tinuturuan.

Noong 2022 wala pang 10,000 ang bagong naitalagang mga guro. Salik sa kakulangan ng mga guro ang mababang pasahod at hindi sapat na benepisyo. Katunayan, mas mataas pa ang sweldo ng mga bagong rekrut na sundalo (P29,668) kaysa mga guro (P23,468).

Samantala, mas malala ang kalagayan ng mga paaralan sa kanayunan. Ayon kay Bea, 7, isang katutubong Mangyan, Grade 2 sa Oriental Mindoro, tinatawid pa nila ang ilog papunta sa kanilang paaralan at kung mataas ito, hindi na sila makakapasok. Maputik din ang daan. Kahit ang mga guro ay nahihirapang pumunta sa paaralan at karaniwang tatlo hanggang apat na araw lang ang pasok sa isang linggo.

## PANUKALANG PONDO SA ILANG AHENSYA 2024




Dahil hindi sagot ng estado ang mga kagamitan sa pag-aaral, pinapasan ng mga magulang ang gastusin. Idinadaing ni Errol, ama ni Bea, na hindi sapat ang kinikita niya mula sa pangangalakal, pagpapaupa at pag-uuling para sa gastusin ng kanyang dalawang anak na nag-aaral. Kabilang sa pinagkakagastusan ang P200 kada buwan na pambaon nila at ang P3,675 na gamit sa paaralan, kasama ang uniporme. Hiling niya, sana hindi galing sa mga magulang ang pambili ng *floorwax* at iba pang gamit sa paaralan.

Nakapanlulumo na sa gitna ng mga pangangailangan ay hindi maayos na ginagamit ng DepEd ang pondo nito. Nasa P3 bilyon ang hindi nagastos ng DepEd na laan sa pagtatayo ng panibagong mga silid-aralan, kagamitan sa pag-aaral at *feeding program* sa mga paaralan. Hindi nakamit ng DepEd ang target na maimprenta at maipamahagi ang 6.7 milyong *textbook*. Sinita ng Commission on Audit ang pagbili ng mga *overpriced na laptop* noong nagdaang administrasyong Briones.





Habang kapos at higit na pinaliit ang pondo sa edukasyon, kwestiyonable ang paghiling ni Duterte ng P650 milyong *confidential and intelligence funds* para sa Office of the Vice President (P500 milyon) at DepEd (P150 milyon). Palusot niya, mahigpit na kaugnay ng edukasyon ang pambansang seguridad. Hindi pumayag si Duterte na ilaan ang P150 milyon nito para sa pagtatayo ng mga silid-aralan.

**Paggamit ng kamay-na-bakal sa edukasyon**

Sa ilalim ni Duterte, lantaran ang panghihimasok ng militar sa edukasyon. Bukod sa pagpapatupad ng Mandatory Reserved Officers Training Course, ipinasok ni Duterte ang dalawang retiradong heneral bilang mga opisyales ng DepEd.

Isinasailalim ni Duterte ang mga paaralan sa sarbeylans. Nagpapatuloy at sumisidhi ang *red-tagging* sa mga progresibong guro lalo na ang mga kasapi ng ACT. Panghaharas ang pag-oobliga sa mga opisyal ng paaralan na ibigay sa mga pulis at militar ang listahan ng mga gurong kasapi ng ACT.

Militarisado ang mga paaralan sa kanayunan. Noong Nobyembre 2022, pinalayas ng mga guro at magulang ang 68th IB na nagkakampo sa paligid ng Redhills National High School sa Calintaan, Occidental Mindoro. Nito namang Enero, ipinatigil ang klase sa San Francisco at San Andres, Quezon bunsod ng pamemerwisyo ng mga operasyong militar ng 85th IBPA.

Ayon sa NDFP-ST, "Pinalalala ng pasistang pamamalakad ni Duterte ang kahirapan sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Malulutas ang krisis sa edukasyon kapag tinugunan ang kakulangan sa bilang ng mga guro, silid-aralan,

kagamitan sa pagtuturo at maayos na klima sa pagkatuto sa loob ng mga eskwelahan. Dapat igawad ang kalayaang akademiko para sa lahatang-panig na pagkatuto ng mga estudyante. Pawiin ang kamangmangan sa pamamagitan ng puspusang edukasyon."

Nasa programa ng pambansa demokratikong rebolusyon ang pagsusulong ng pambansa, siyentipiko at makamasang edukasyon. Ipagkakaloob ang edukasyon bilang batayang karapatan ng bawat isa, mula primarya hanggang kolehiyo. Nakatudla ito para sa minimithi ng bayan na kaunlaran at kasaganaan.

*KILOS PROTESTA*



# Mamamayan ng TK, nakiisa sa Bigkisan *protest caravan* sa SONA ni Marcos Jr.

Inilunsad sa pangunguna ng Bagong Alyansang Makabayan-Timog Katagalugan (BAYAN-TK) ang Bigkisan *protest caravan* ng mamamayan ng Timog Katagalugan bilang anyo ng pagkundena ng taumbayan sa ikalawang SONA ng reaksyunaryong pangulong si Ferdinand Marcos Jr.

Nagsimula ang Bigkisan sa isang *media forum* noong Hulyo 3 kung saan inilatag ang iba't ibang aktibidad na lalamnin ng naturang *caravan*. Dinaluhan ito ng mga tagapagtanggol ng karapatang tao at mga unyon ng mga manggagawa sa rehiyon. Pinakatampok sa *forum* ang pagkundena sa paglabag sa karapatang tao ng rehimen at pang-ekonomyang krisis sa ilalim ng unang taon ni Marcos Jr.




"Sa rehiyong TK, ang mga magsasaka at manggagawa ang pangunahing pumapasan sa bigat ng di maawatang krisis ng rehimeng Marcos Jr., sa pamamagitan ng mabangis na pagsalakay ng liberalisasyon sa kalakalan at mababang sahod o sa paniniil at pagwasak ng demokratikong espasyo," ani Kyle Salgado, tagapagsalita ng BAYAN-TK.

Inilahad ng mga maggagapak ng tubo mula sa unang distrito ng Batangas ang matinding epekto sa kabuhayan ng pagsasara ng *sugar mill* sa Central Azucarera de Don Pedro, Inc. sa Nasugbu noong Setyembre 2022. Sinundan pa ito ng dambuhalang pag-iimport ng asukal, ang pinakahuling lumaking bolyum ng importasyon sa serye ng pag-iimport ng mga produktong agrikultural noong nakaraang taon, at banta ng mga *road network projects* na magkukumbert sa mga plantasyon ng tubo sa probinsya.

Samantala, idinaing ng mga manggagawa ang mababang sahod. Dahil sa Wage Order No. IVA-17 ng DOLE Region IV-A, pinag-iiba-iba sa bawat lungsod at munisipalidad ang sahod depende sa kanilang kategoryang pang-ekonomya. Sa kasalukuyan, naglalaro sa P350-P470 ang *minimum wage* sa CALABARZON.

"Sa kabila ng panawagan ng rehiyon para sa nakabubuhay na sahod at mababang presyo ng pangunahing bilihin, ang sagot ng estado ay *red-tagging* laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang tao at *harassment* at pambabalewala sa panawagan ng mga unyonista," dagdag pa ni Salgado.

Kasama sa kinundena sa *forum* ang paggamit ng berdugong militar sa Anti-Terrorism Act para magsampa ng gawa-gawang kaso ng terorismo sa 14 na indibidwal sa TK—na karamiha'y magsasaka at tagapagtanggol ng karapatang tao. Kabilang dito sina Kenneth Rementilla, Jasmin Rubia at Hailey Pecayo.

"At ginawa ito ng rehimeng Marcos Jr. sa gitna ng paglalako ng mga likas-yaman sa dayuhang kapangyarihan. Ang pagkubabaw ng US sa teritoryo ng Pilipinas sa pamamagitan ng Bilateral Defense Guidelines at ang pinasinsing ehersisyong militar ay naglalagay sa mamamayang Pilipino sa higit pang panganib sa harap ng napipintong digmaang pandaigdig sa pagitan ng US at China," dagdag pa ni Salgado.

Bilang pagtatapos ng aktibidad, nagkapitbisig ang mga *representative* ng mga grupo at tinatakan ang mga mukha nina Marcos Jr. at Sara Duterte ng "Guilty."

Sumanib ang mga delegado ng Bigkisan *protest caravan* sa pambansang protesta sa SONA ni Marcos Jr. noong Hulyo 24.

TUGON
ni
PATNUBAY DE GUIA

# Bakit pamatay na dagok ang liberalisasyon sa industriya ng asukal?

Malaking delubyo ang pagsasara ng ilohan ng Central Azucarera de Don Pedro, Inc. (CADPI) sa Nasugbu, Batangas noong Disyembre 2022. Katwiran ng CADPI, hindi na nito kayang gastusan ang pagmamantine at pagkukumpuni sa ilohan. Ilang taon nang iniinda ng mga magsasaka ang mababang presyo ng tubo sa CADPI ngunit mas matinding dagok ito. Nabulok ang tubo at nawalan ng kabuhayan ang mga magsasaka't manggagawang bukid na umaasa sa ilohan.

Isang mukha lamang ito ng bagsak na industriya ng asukal sa bansa. Sa loob ng tahanan, ramdam din ang epekto ng krisis ng industriya sa mga konsyumer. Noong Mayo 2016, nagkakahalaga ang isang kilong asukal ng P43-44, pero ngayon, higit doble ang presyo na naglalaro sa P90-110. Sa ibang bansa, nasa P22/kilo ang pinakamurang klase ng asukal (2022).

Sinunggaban ng reaksyunaryong estado ang disgusto ng mga konsyumer upang ilakong solusyon ang liberalisasyon sa asukal—magpasok ng mas malaking bolyum ng *imported* na asukal at mga pampatamis at tanggalin o luwagan ang mga proteksyon tulad ng taripa. Maagang bahagi ng taong 2023, inaprubahan ni Marcos Jr. ang dagdag na importasyon ng 150,000 metriko tonelada ng asukal. Samantala, mumo ang tulong nito sa mga magsasaka't manggagawang bukid na nagdurusa sa krisis ng industriya tulad ng mga Batangueño na nawalan ng kabuhayan. Sa buong bansa, may 19 probinsyang nagpoprodyus ng asukal. Higit 700,000 Pilipino ang direktang ineempleyo nito habang nasa 5-6 milyon pa ang 'di direktang nagtatrabaho rito.

Ang industriya ng asukal ay salaminan ng malakolonyal at malapyudal na sistema na nagpanatili sa pagiging atrasado't pre-industriyal ng industriya. Saksi ang halos dalawang siglong kasaysayan sa pagkubabaw ng interes ng imperyalismong US sa industriya ng asukal at




*Protesta ng mga magsasaka laban sa pagsasara ng CADPI.*
*Litrato mula sa Kilusang Magbubukid ng Pilipinas*

pagsasamantala ng mga lokal na panginoong maylupa at malalaking burgesya kumprador upang solohin ang tubong piniga mula sa pagpapagal ng anakpawis.

**Mula *exporter* tungong *importer***

Kahit mga burgis na ekonomista'y nagsasabing bagsak ang lokal na industriya ng asukal. Ito ay mula sa kalagayang dating nag-e*export* ang bansa ng malaking bolyum ng asukal na sumikad sa pagpasok ng ika-20 siglo hanggang kalagitnaan ng dekada 1970.

Kinopo ng US ang murang asukal na ginamit nitong hilaw na materyales sa manupaktura, saka ibinagsak sa bansa ang mga yaring pagkain at iba pang produkto na mas mahal ang halaga. Dahil nakasandig sa pag-e*export*, nagdusa ang industriya matapos ang sistemang *quota* sa US noong 1974 at bumagsak ang presyo ng asukal sa pandaigdigang merkado.

Nagyabang ang diktador na si Marcos Sr. at nagpanukalang gubyerno na ang bibili ng asukal sa balangkas ng kalaunang pagkontrol ng estado sa industriya. Binuo ang Philippine Sugar Commission (PHILSUCOM) at subsidyaryong National Sugar Trading Corporation (NASUTRA) na parehong pinangunahan ng kanyang mga kroni: Roberto Benedicto, Jose A. Unson, Jaime C. Dacanay at Fred

Elizalde. Itinayo naman ang Republic Planters Bank para sa pagpipinansya ng mga tubuhan at asukarera. Imbes na sagipin ang industriya, tinatayang $1.15 bilyon ang kinurakot ni Marcos Sr. at kanyang mga kroni gamit ang PHILSUCOM at NASUTRA sa industriya mula 1975-1984.

Pagkatapos bumagsak ng diktadurang Marcos, nilikha ng rehimeng US-Corazon Aquino ang Sugar Regulatory Administration (SRA) upang pangasiwaan at ibangon ang industriya. Sapul nang itatag, walang nagawang makabuluhang pagbabago ang SRA sa sistema't kalakaran ng produksyon ng asukal.

Sa kasalukuyan, halos maubos ang asukal na napoprodyus sa pang-lokal na konsumsyon: 50% sa gamit sa industriya, 32% sa mga *household* at 18% sa mga institusyon gaya ng mga restawran at ospital, ayon sa SRA.

**Atrasadong produksyon ng asukal**

Malayong mas mababa ang produksyon ng asukal sa Pilipinas na umaabot lamang sa 5.1 tonelada kada ektarya kumpara sa mga bansa sa South America kung saan umaabot ng doble ang kapasidad. Sa Thailand, kayang umani ng 100 toneladang tubo kada ektarya samantalang sa Pilipinas ay 60 tonelada lamang. Hindi aasahang makasabay ang Pilipinas sa pag-e*export* ng asukal.

Mababa ang antas ng produksyon ng asukal sa bansa dahil sa pribadong kontrol sa industriya at pagpapabaya ng estado. Ang malaking bahagi ng 422,500 ektaryang tubuhan sa bansa ay nananatili sa kamay ng mga PML tulad ng mga Cojuangco sa Gitnang Luzon at Roxas sa Timog Katagalugan. Namamayagpag naman sa paggawa ng asukal ang MBK na sina Gokongwei at Lucio Tan, at ang kumpanyang San Miguel Corporation, lahat may interes sa manupaktura ng mga pagkain, alak at matatamis na inumin.

Sa mahabang panahon, nahirati ang mga asyendang tubuhan sa manu-manong produksyon dahil hindi interesado ang mga PML sa pag-iindustriyalisa. Nagpapasasa lamang ang mga ito sa limpak-limpak nilang kita mula sa pag-e*export*. Hanggang ngayon, makaluma ang makinarya kaya't hindi episyente—marami ang nasasayang na katas at mabagal ang produksyon.

> ***"...kahibangang isipin na isasalba ng liberalisasyon ang industriya ng asukal...ganap itong uunlad kung maipapatupad ang programa sa tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon."***

Kulang naman o halos walang suporta ang estado sa mga magsasaka ng tubo at sa industriya sa pangkalahatan. Hindi isinaayos ang irigasyon na mahalaga sa pagpapalaki ng tubo. Marami rin sa mga tubuhan ang naikumbert sa ibang gamit. Halos wala ring pinansya o insentibo para iabante ang mga pananaliksik at pagpapaunlad ng teknolohiya sa produksyon ng asukal mula pagtatanim ng tubo hanggang pag-iilo.

Matindi ang epekto ng pagtaas ng presyo ng pataba sa industriya ng asukal. Ang produksyon ng asukal noong 2021-2022 ay 17% na mas mababa kaysa sa nagdaang taon sabay ng panahong humigit sa doble ang itinaas ng presyo ng pataba. Halos kalahati (46%) ng kabuuang gastos sa produksyon ang napupunta sa pataba sa isang bayan sa Batangas.

Ininda rin ng mga prodyuser ang napakataas na presyo ng langis. Tumaas ang gastos sa *trucking* o paghahakot ng mga tubo tungong ilohan. Sa Batangas, nagbabayad ng P2,000 *trucking fee* at may P6,000 pang suhol para makarating sa ilohan ang tubo. Dahil sa taas ng gastos sa produksyon relatibo sa ibang bansa, mas mahal at mahirap ibaba ang presyo ng asukal sa palengke at pati mga produktong ginagamitan ng asukal gaya ng mga biskwit, inumin at iba pa.

Sa industriya, pinaka-nagdurusa ang mga magsasaka at manggagawang bukid sa tubuhan. Napakamura ng bili sa tubo kaya't lugi ang magsasaka at mababa ang upa sa mga manggagawang bukid. Kwento ni Nanay Rosita ng Batangas, lugi at may utang siyang P16,550 sa kanyang isang ektaryang tubuhan. Ang isang maggagapak naman ay kumita ng P605 sa isang ektaryang tubuhan na pinagtrabahuhan niya ng isang linggo. Sa liit ng kita mula sa tubo, marami sa mga magsasaka sa tubuhan lalo ang kanilang mga anak ang nag-iisip nang iwan ang pagtatanim ng tubo.

**Liberalisasyon tungong pagkawasak**

Sa pagdausdos ng produksyon, nanganganib na hindi mapunuan ang lokal na pangangailangan para sa asukal. Tinataya ang buwanang konsumo ng bansa sa 200,000 MT.

Imbes na tutukang paunlarin ang lokal na industriya ng asukal sa bansa, liberalisasyon sa anyo ng importasyon ng asukal mula sa dayuhang bansa ang solusyon ng papet na reaksyunaryong estado. Pamatay na dagok ito sa sisinghap-singhap nang industriya ng asukal sa Pilipinas.

Tinuntungan ni Marcos Jr. ang "pangamba sa kasapatan ng suplay" para sa pakanang pag-iimport ng daan-daang MT ng asukal subalit may batayang tutulan ito. Naranasan na ng bayan ang epekto ng liberalisasyon sa bigas. Sa isang pag-aaral noong 2022, nawalan ng P66 bilyong kita ang mga magsasaka habang P92 bilyon ang ibinagsak ng lokal na produksyon ng palay. Lalo ring pumaimbulog ang presyo ng bigas mula nang isabatas ang Rice Tariffication Law noong Pebrero 2019.

Ang mga *trader* at mga kumpanya ang mas makikinabang sa mas murang asukal at pampatamis na babaha sa bansa oras na ipatupad ang liberalisasyon. Naglalaway na ang malalapit na kaibigan ng naghaharing pangkating Marcos-

Duterte, kasama ang mga ibinulgar na pinaborang tatlong *trader* sa importasyon ng 440,000 MT sa bisa ng Sugar Order 6 noong Marso 2023. Ito ay ang All Asian Countertrade, S&D Sucden Philippines at Edison Lee Marketing. Sa kwenta ng isang senador, pwede silang tumiba ng P14 bilyon sa pagbebenta nang mahal sa asukal na inimport nila sa murang halaga. Malaki naman ang kikitain ng mga MBK dahil bababa ang gastos nila sa manupaktura ng kanilang mga produktong ginagamitan ng asukal. Pati mga asukarera tulad ng CADPI ay may malaking ganansya sa pag-i*import* ng *raw sugar* at pagrerepina nito kaysa bumili ng bagong aning tubo na dadaan pa sa mga proseso.

Sa huli, imperyalismo ang tatabo ng pinakamalaking tubo sa liberalisasyon ng asukal. Sang-ayon ito sa planong gawing nakaasa ang mahihirap na bansa tulad ng Pilipinas sa *imported* na produktong pagkain na sinusuplay ng mga industriyalisadong bansa. Bukod sa malaking kikitain, estratehiko ring mapipigilan ang pagsasarili ng mga bayang malakolonya.

Sa kabilang panig, madidisloka ang kabuhayan ng 84,000 magsasaka at 720,000 manggagawa sa industriya ng asukal, ayon mismo sa SRA. Dadagdag ang mga ito sa reserbang hukbo ng paggawa dahil wala naman silang masusumpungang nakasasapat na trabaho sa lungsod man o sa kanayunan. Tiyak na lalaganap ang kagutuman sa mga probinsyang may tubuhan, at tiyak na puputok ang panibagong '*social volcano*' tulad ng nangyari sa Negros noong panahon ng Martial Law.

Dahil inilugmok ng imperyalismo at malapyudal na pagsasamantala, kahibangan na asahang isasalba ng liberalisasyon ang industriya ng asukal. Ganap lamang na uunlad ang produksyon ng asukal sa bansa kung maipapatupad ang pambansa demokratikong programa sa reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon sang-ayon sa pangangailangan ng bayan at interes ng mga magsasaka't manggagawang gumagawa nito. K

# Mga tampok na punto sa kasaysayan ng produksyon ng asukal

Matagal nang nagtatanim ng tubo at nagluluto ng matatamis na pagkain ang mga sinaunang Pilipino, subalit ang pagpoproseso ng tubo tungong asukal sa loob ng bansa ay nagsimula lamang noong panahon ng kolonyalismong Espanyol. Bago ito, mga Chinese ang pangunahing nag-i*import* ng asukal sa bansa.

Sa kanayunan, gumagawa ng panucha, isang klase ng pulang asukal na pinatitigas sa bao ng niyog sing-aga ng ika-17 siglo. Noong ika-18 siglo, lumilikha na ng asukal at mas mataas na komersyal na klase nito sa Makati, Pampanga, at noong dekada 1740, sa Nasugbu, Batangas. Mga prayle ang nangangasiwa sa produksyon nito. Pagdating sa kapitolyo, mga negosyanteng Chinese ang sasalo sa asukal para ibenta sa pamilihan. Unti-unting napunan ng lokal na asukal ang pangangailangang panloob kaya't humina na ang importasyon mula China. Pinakamalakas kumonsumo ng asukal ang mga naghaharing uri.

Hindi man isinali ng kolonyal na gubyerno ng Espanya ang lokal na asukal sa kalakalang galyon, nakarating pa rin ito sa India, Bengal, Persia at China sa pamamagitan ng mga barkong Dutch at British. Gayunman, maliit pa rin ang bolyum nito na inilalabas ng Pilipinas.

Nagsimulang lumaki ang *demand* para sa asukal mula sa Pilipinas pagpasok ng ika-19 siglo, kalakhan mula sa mga Briton at Amerikano. Lumaki ang konsumsyon ng asukal sa Britanya at United States sa tulak ng industriyalisasyon. Noong 1836, nilampasan na ng asukal ang bigas, abaka at indigo bilang kalakal na pang-*export*. Pangunahing probinsya sa produksyon ng asukal ang Pampanga at Negros. Nagkaroon ng mayor na papel ang Negros sa industriya sapul nang itayo rito ang unang *trapiche* o ilohan ng asukal at hurno. Dinala ito sa isla ni Yves Gaston, isang Briton na eksperto sa asukal, noong 1844.

Sa buompanahon ng mabagal na pag-usbong at pag-unlad ng industriya ng asukal, tumigas ang hatian sa produksyon kung saan mga Pilipino ang nagtatanim ng tubo habang kontrolado ng mga dayuhan ang pagpoproseso tungong asukal at pagbebenta ng yaring pampatamis sa loob at labas ng bansa. Bunsod ng kolonyal at pyudal na sistema, nakonsentra ang lupa sa mga dayuhan at kanilang mga alipures na katutubong opisyal ng kolonyal na gubyerno. Pinataw ang malulupit na sistema sa partihan pabor sa mga panginoong maylupa. Ito ang pundasyon ng lumitaw na mga plantasyon ng tubo sa Gitnang Luzon at Negros noong maagang bahagi ng ika-19 siglo.

Sa yugto ng kolonyalismong Amerikano hanggang sa mga unang dekada ng papet na republika, lalong isinandal ang industriya ng asukal sa *demand* mula sa labas, partikular sa US. Isinabatas sa US ang Payne-Aldrich Bill of 1909 kung saan pinagkalooban ang Pilipinas ng 300,000 toneladang *duty-free* (walang pataw na buwis) na bahagi sa pamilihan ng US. Tuluy-tuloy na nag-*export* ng asukal sa US. Hanggang noong dekada 1950 at 1960, nasa 20% ng kabuuang *export* ng bansa ay asukal.

Dahil nakaasa sa pagbebenta sa labas ng bansa, bulnerable ang industriya ng asukal sa mga pagbagsak. Nangyari ito nang nabawasan ang *demand* at sumadsad ang presyo ng asukal dahil sa World War I. Apektado rin ito ng paglitaw ng mas mura at mas pinong klase ng asukal mula sa ibang bansang gumagamit ng mas maunlad na teknolohiya.

Pinakamatingkad sa alaala ng mga Pilipino ang dekada 1970. Sumadsad sa $10 sentimo kada libra (*pound*) ang asukal sa daigdig at umabot pa ng $3 sentimo sa maagang bahagi ng dekada 1980. K



# 59th IBPA at ATA, kinundena ng mga grupo ng karapatang tao

Naglunsad ng kilos protesta ang mga grupo ng tagapagtanggol ng karapatang tao sa pangunguna ng Karapatan-ST noong Hulyo 6 sa harap ng Department of Justice (DOJ) sa Maynila upang kundenahin ang mga gawa-gawang kaso laban sa mga aktibistang sina Kenneth Rementilla, Jasmin Yvette Rubia at Hailey Pecayo.

Nagsumite ang mga progresibong grupo ng bukas na liham para kay DOJ Sec. Jesus Crispin Remulla na nagtutulak sa ahensya na imbestigahan ang gawa-gawang kaso at ipatigil ang buu-buong paggamit sa Anti-Terrorism Act (ATA) laban sa mga tagapagtanggol ng karapatang tao sa TK.

Sa isang kasong isinampa ng berdugong opisyal ng 59th IBPA na si Sgt. Jean Claude Bajaro noong Hunyo 22, inaakusahang nagbibigay ng "suportang materyal sa NPA" sina Rementilla at Rubia. Nilabag umano nila ang Section 12 ng RA 11479 o ang ATA.

Ayon sa Karapatan-ST, ang pagsasampa ng gawa-gawang kaso sa mga *human rights worker* ay bwelta ng 59th IBPA sa mga grupo ng karapatang tao at mga *paralegal* na naglantad ng katotohanan hinggil sa pagpaslang kina Kyllene Casao at Maximino Digno.

Isang kaso rin ang isinampa laban kay Pecayo sa paglabag sa Section 4(a) at 4(d) ng ATA, bunsod ng pagkasangkot diumano sa "engkwentro" sa Taysan noong 2022 at pinararatangan siyang myembro ng BHB. Pinasinungalingan nila ang alegasyon dahil nasa Taysan lamang si Pecayo kasama ng *fact-finding mission* na nag-imbestiga sa kaso ng pagpaslang kay Kyllene.

Kinukundena ng Karapatan-ST at iba pang grupo ang *red-tagging* at gawa-gawang kaso kina Rementilla, Rubia at Pecayo. "Patunay ito ng bulok na sistema ng hustisya sa bansa kung saan ang mga batas tulad ng ATA ay ginagamit upang hadlangan ang karapatang tao at pasidhiin ang paglabag sa mga demokratikong karapatan ng mamamayan. Sa kabila ng mga atake ng estado, hindi kami matitigatig at patuloy naming uusigin ang DOJ upang managot sa mga paglabag sa karapatang tao," pahayag ni Nimfa Lanzanas ng Karapatan-ST.

Matapos ang kilos-protesta sa harap ng DOJ, tumungo ang delegasyon ng TK sa pagdinig ng kaso sa Antipolo City Hall of Justice at naglunsad ng programa sa Sumulong Park, Antipolo, Rizal.

BANTAY KARAPATAN



## Aktibista, sinampahan ng gawa-gawang kaso sa bisa ng ATA

Sa bisa ng Anti-Terrorism Act, limang gawa-gawang kaso ang isinampa ng 59th IBPA noong Hulyo 31 laban kay Hailey Pecayo, tagapagsalita ng grupo sa karapatang-tao na Tanggol Batangan sa Batangas. Kabilang dito ang *frustrated murder* at paglabag sa internasyunal na makataong batas.

Ni hindi malinaw na inihain ng mga reaksyunaryong elemento ang kabuuan ng mga kasong isinampa kay Pecayo. Napag-alaman na lamang ni Pecayo ang lahat ng mga kasong kinakaharap niya matapos ang pagsusumite ng kontra-salaysay sa Department of Justice sa Sta Rosa, Laguna. Sa *affidavit*, pinasubalian ni Pecayo ang akusasyon nina Sgt. Jean Claude Bajaro at Cpl. Ivan Neil Ogatis ng 59th IBPA noong Hulyo 26. Sa mga kasong isinampa ng dalawang berdugong opisyal, pilit na iniuugnay si Pecayo sa PKP-BHB.

Ayon sa Karapatan-ST, "Ang patuloy na pang-aatake kay Pecayo at sa iba pang tagapagtanggol ng karapatang tao ay siyang atake sa buong hanay ng mga tagapagtanggol ng karapatan at sa kanilang mga pinaglalaban."

## Karapatan ng mga detinidong pulitikal, panawagan ng NUPL

Sumugod sa harap ng Department of National Defense noong Hulyo 7 ang grupo ng mga abugado at tagapagtanggol ng karapatang tao sa pangunguna ng National Union of People's Lawyers (NUPL) para singilin ang AFP sa paglabag sa karapatan ng mga detenidong pulitikal, panghaharas sa mga abugado ng karapatang tao at paggamit sa Anti-Terrorism Act.

Hindi tinanggap ng DND ang sulat ng NUPL para kay DND Sec. Gilberto Teodoro. Laman ng liham ang pagtutulak sa kalihim na itaguyod ang karapatang makipagkonsultahan sa abogado (*right to counsel*) ng mga detenidong pulitikal kabilang ang iligal na inaresto na sina Mary Joyce Lizada at Arnulfo Aumentado o tinaguriang Mansalay 2 at sina Alfredo Manalo at Lloyd Descallar at tubero na si Angelito Balitostos, ang Balayan 3.

# Ang krisis sa China at epekto nito sa daigdig

Sa pagsisimula ng 2023, tiwala ang mga negosyante at administrasyong Xi Jinping sa agarang rekoberi ng ekonomya ng China pagkaraang bawiin ang patakarang COVID Zero, ang itinuturing na pinakamahigpit na pandemikong restriksyon sa buong mundo. Agresibong itinulak ng estado ang mamamayang Chinese na gumasta para makabawi ang kalakalan at industriya. Ngunit sa pagpasok ng ikalawang hati ng taon, malinaw na hindi papasigla, bagkus ay patuloy na bumabagal ang ekonomya ng China. Umuugong ang pangambang matutulad ito sa Japan, na pagkaraan ng mabilis na pag-unlad ng ekonomya at walang kaparis na kasaganahan ay nauwi sa masidhing pagkalugmok.

**Hindi maikakailang pagbagal**

Target ng China ang 5% paglago ng ekonomya ngayong taon, mas mataas sa pandaigdigang tayang-saklaw na 2.8%, ngunit mababa nang higit sa kalahati ng tayang paglago ng bansa bago ang pandemya ayon sa Bloomberg Economics. Mabagal-sa-inaasahang tumataas ang *gross domestic product* (GDP) ng 0.8% noong ikalawang kwarto kumpara sa unang tatlong buwan ng taong ito.

Malaking salik sa pagbagal ng China ang tama ng pandaigdigang krisis. Humina ang eksport nito na dating nagsalba sa pambansang ekonomya kahit pa noong panahon ng pandemya. Naging pabigat sa pang-ekonomikong aktibidad sa mga Kanluraning bansa ang pagtataas ng mga sentrong bangko ng *interest rate* na naghudyat sa pagbagal ng produksyon sa US at Europe. Bumaba ang *demand* ng mga negosyo mula rito para sa mga suplay na galing China. Magmula sa naitalang $340 bilyong pagrurok nitong Disyembre 2021, ang mga eksport ay sumadsad tungong $285 bilyon ngayong Hunyo. Sa pagbagsak ng bilang ng mga ini-*export* na produktong *hi-tech*, umabot ng higit 10% ang tantos ng pagbaba ng mga buwanang kargamento tungong South Korea at Taiwan sa unang hati ng taon.

Sa loob ng China, masamang senyales ang paghina ng paggasta ng mga konsyumer sa kabila ng bagsak na presyo ng mga kalakal mula pabrika (*factory-gate price*). Ikinababahalang magresulta ito sa agarang deplasyon (pagbaba ng presyo) ng mga kalakal at pagguho ng pamilihan. Apektado rin ang kita ng turismo dahil hindi nagmateryalisa ang paglalakbay ng laksa-laksang mamamayang Chinese dulot ng kanilang kawalang-kumpyansa sa sariling kita at seguridad sa hanapbuhay pagkaraan ng pandemya. Naitala rin ang napakataas na 21.3% na disempleyo sa mga kabataan.

Lumulubha ang problema sa *real estate* dahil sa pagkalugi ng mga *property developer* at kawalan ng kapasidad ng mga lokal na gubyerno na saluhin ang mga ito. Bumuwelta sa estado ang pagbebenta ng mga lokal na gubyerno ng lupa sa mga *property developer* na kinagawian na nilang gawin tuwing gipit sa pondo. Naging sakit-sa-ulo ito nang di na binabayaran ng mga *homeowner*, na kalakhan ay mga nawalan ng sapat na kita o ng trabaho ang kanilang utang o *mortgage*. Inihinto ng mga *property developer* ang konstruksyon ng mga bahay na ibinenta sa mga tao. Bilang pangsalba, nagpatupad ang gubyerno ng *rescue plan* kabilang ang paglipana ng pautang sa mga bangko. Gayunman, hindi ito nagluwal ng pagdami ng mamimili ng mga propyedad dahil hindi naman kayang bayaran ng masang manggagawang Chinese ang mga bahay.

**Resulta ng panunumbalik ng kapitalismo sa China**

Malayong-malayo ang kasalukuyang ekonomya ng China sa ipinundar ng sosyalistang rebolusyon at konstruksyon. Matapos makumpleto ang reporma sa lupa noong 1954 sa pamumuno ng Communist Party of China at ni Mao Zedong, dumaan ang bansa sa yugto ng mabilis na paglago ng ekonomya at produksyon. Nagsimula ang mabilis na industriyalisasyon ng bansa mula katapusan ng dekada 1950, at pagkatapos ay nagsagawa ng sosyalistang transpormasyon ng industriya at agrikultura batay sa estratehikong linya ng Dakilang Igpaw Pasulong. Sa pagpapatupad ng mga ito, umangat at naging maalwan ang kondisyon ng pamumuhay ng malawak na mamamayan.

Ngunit sa pag-agaw sa pamunuan ng Partido at estado at pananalasa ng taksil na pangkating Deng Xiaoping mula 1977, unti-unting dinistrungka ang sosyalistang pundasyong pang-ekonomya ng China at tinahak ang landas ng kapitalismo. Pagdating ng 1992, ipinatupad ang garapalang integrasyon ng China sa pandaigdigang sistemang kapitalista. Ngayo'y pinamumugaran na ng mga monopolyo kapitalista ang pamunuan ng Partido Komunista at ginamit ito bilang maskara upang linlangin ang mamamayan at ipailalim ang huli sa grabeng pang-aapi at pagsasamantala. Mga parasitiko ang naghaharing uri sa China na ginagamit ang pangalan at kapangyarihan ng Partido Komunista at naghaharing estado upang magkamal ng higanteng kapital at pribilehiyo.

Mula dekada 1990 hanggang 2000, itinuring ng imperyalistang US ang China bilang katuwang sa ilalim ng kaayusang neoliberal, na binigyan nito ng katayuang "*most favored nation*" sa kalakalan. Nag-*outsource* ang mga kumpanyang Amerikano ng kanilang manupaktura at sinamantala ang dambuhalang hukbo ng murang paggawa sa China

para sa produksyon ng iPhone at iba pang produkto. Tiniyak ng estadong Chinese ang barat na sahod at malulupit na patakaran sa mga manggagawa para makaakit ng dayuhang kapital.

Wala sa intensyon ng China na manatili lamang na "*most favored nation*" ng US, na naging malinaw kalaunan sa agresibo nitong pagpapalawak ng sariling geo-pulitikal na impluwensya upang labanan ang hegemonya ng US. Inilunsad nito ang Belt Road Initiative (BRI) upang makapanghimasok at maitali sa sarili ang mga bansa sa Asia, Africa hanggang Europe. Upang itulak ang BRI, itinayo nito ang alyansang BRICS (Brazil-Russia-India-China-South Africa) mula sa mga bansang may pinakamalalaking populasyon at ekonomya sa buong mundo. Ibayo ring pinalakas ng China ang mga rehiyunal na mga alyansa sa kanyang impluwensya tulad ng Shanghai Cooperation Organization (SCO) at pinasok maging ang World Trade Organization (WTO) noong 2001, pati ang APEC at ASEAN na dating monopolisado lamang ng US. Itinayo nito ang Asian Infrastructure Investment Bank (AIIB) upang tapatan ang mga tradisyunal na multilateral na mga bangko tulad ng IMF-World Bank na hawak ng US.

**Epekto sa daigdig**

Kinikilala ang China bilang nangungunang pandaigdigang laboratoryo at engklabo sa manupaktura, at isa sa mga pangunahing pinagmumulan ng pinansya. Maraming bansa tulad ng Pilipinas ang umaasa sa iniluluwal nitong mga murang kalakal, trabaho at pati utang. Upang harapin ang papasikip na kondisyong pang-ekonomya at mapangalagaan ang natitira pang ganansya, umiiwas ang China sa mga ma-risgong transaksyon. Maging ang bansang nagluluwas ng mga mineral tulad ng Brazil at Australia na pangunahing pinagkukunan ng China ay damay sa pagdausdos. Bumagsak ang presyo ng *iron* at *copper ores* dulot ng pagbaba ng pandaigdigang *demand*.

Sa ikalawang linggo ng Hulyo, matinding naapektuhan maging ang *stock market* ng pagbagal ng ekonomya ng China. Bumagsak ang halaga ng mga sapi ng *luxury groups* na Moët Hennessy Louis Vuitton (LVMH) at Richemont na kapwa umaasa nang malaki sa pamumuhunan galing China.

Tinatanaw na ibayong palalalain ng kasalukuyang krisis ng China ang mas malalang krisis na kinakaharap ng US bagamat minemenos pa ito ng mga ekonomista at nangungunang bangko sa US. Sinasamantala rin ito ng mga pinansyal na institusyon sa US upang bahiran ang reputasyon ng China sa pamumuhunan at makinabang dito. Isang anyo nito ang pagbabansag sa China na di paborable sa pamumuhunan. K

BANTAY KARAPATAN

## Mga Mindoreño, biktima ng terorismo ng 203rd IBde

Panibagong lagim ng terorismo ang inihatid ng 203rd Brigade sa tabing ng FMO at RCSPO sa isla ng Mindoro.

Isang tanghali sa kanyang kaingin noong Hulyo 13, dinukot, binugbog, tinortyur at iligal na bininbin ng 4th IBPA si Pedro Ambad, isang Hanunuo-Mangyan sa Sityo Kilapnit, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro. Piniringan at binusalan sa bibig si Pedro bago kinaladkad ng mga berdugo. Walang humpay siyang binugbog at ininteroga hinggil sa diumanong "ipinatagong armas ng NPA" sa kanilang lugar. Inalpasan na lamang ang ginoo noong hatinggabi ng Hulyo 14 matapos ang 12 oras na pambubugbog at tortyur na nagdulot ng pagkabali ng kanyang tadyang.

Hinarang ng mga sundalo ang paghahabla ng kaso sa barangay ni Pedro at ang akses niya sa serbisyong medikal. Buktot pang ikinatwiran ng mga berdugo na mga NPA ang gumawa ng krimen sa biktima kung kaya't hindi na ito dapat pang iulat sa lokal na reaksyunaryong pamahalaan.

Hindi pa nasapatan, iligal na pinasok ng mga militar ang tahanan ni Admiraw Ambad, kapatid ni Pedro, noong gabi ng Hulyo 16. Hindi lamang natuloy ang maitim na balak ng mga militar dahil nasa kapitbahay siya sa mga oras na iyon.

Dulot ng pangamba, takot at teror, lumikas ang hindi bababa sa limang pamilya mula sa Sityo Kilapnit patungo sa ibang mga sityo. Malaking perwisyo at abala maging sa pag-aaral ng mga bata ang idinulot nito.

Nitong Hulyo, inulat ng BHB Mindoro ang kaso ng iligal na pang-aaresto, imbestigasyon at tortyur ng 68th IB sa apat na katutubong Buhid na hinuli sa tsekpoynt sa Brgy. Manoot, Rizal, Occidental Mindoro. Nangyari ang insidente sa gitna ng FMO noong huling linggo ng Mayo. Pinilit ang mga inaresto na sumama sa isang operasyong militar kung saan muling nanghuli ng sibilyan ang 68th IB.

Nagpalit-palitan ang mga pasista sa pambubugbog sa sibilyan. Hayok na hayok sa karahasan, dinakip din ng mga ito ang isa pang Buhid na nakasalubong lamang sa daan. Kinaladkad siya sa magubat na lugar at doon tinortyur. Ang pinangyarihan ng insidente ay saklaw ng Tamaraw Reservation and Expansion Project (TREP).

"Nagsisilbi ang terorismong inihahasik ng AFP-PNP sa isla sa imbing hangarin ng lokal na naghaharing uri, dayuhang kapitalista at ng mismong reaksyunaryong rehimen na agawan ng lupa ang masang Mindoreño," pahayag ni Armando Cienfuego ng Melito Glor Command-BHB TK. K

# ‘Panagutin ang PCG sa pagkamatay ng 27 pasahero ng lumubog na Aya Express’

Sinisingil at pinapapanagot ng mamamayan ng Rizal ang Philippine Coast Guard at ang rehimeng Marcos Jr. sa pagkamatay ng 27 pasahero sa paglubog ng *motorbanca* Aya Express noong Hulyo 27 sa Binangonan, Rizal.

Patungo ang *motorbanca* sa Brgy. Gulod, Talim Island nang lumubog ito, sampung minuto pa lamang ang nakalipas mula nang umalis sa Pritil Port. Inamin ng PCG na hindi sila nag-inspeksyon dito kaya naganap ang paglubog ng *overloaded* ng *motorbanca*. Nagkarga ng 70 pasahero ang *motorbanca* na ang kapasidad ay 42 pasahero lamang. Kalakhan sa mga pasahero ng bangka ay mga residente ng anim na barangay sa isla ng Talim: Janosa, Buhangin, Kaytome, Gulod, Sapang at Ginoong Sanay.

Hindi ininspeksyon ng PCG ang nilalaman ng Aya Express dahil naging kalakaran nang pinagsusumite lamang ng manipesto ang kapitan ng bangka bago ito maglayag. Noong araw na iyon, 22 pasahero lamang ang inirehistro sa manipesto ng kapitan ng Aya Express.

Ayon sa PKM-Rizal “Kabaligtaran ito ng pagmamayabang ni Marcos Jr. sa katatapos lamang na SONA na “*overprepared*” ang ating bansa sa mga kalamidad at sakuna.” Hindi isinama ang mga biktima ng nalunod sa Binangonan sa tala ng mga nasawi sa Bagyong Egay gayong malinaw na naganap ang aksidente sa panahong nananalasa ang bagyo.

Tinanggalan ng Maritime Industry Authority ng *safety certificate* ang Aya Express. Samantalang ni-*relieve* lamang ang dalawang tauhan ng PCG na sangkot sa kapabayaan habang hindi pa natatapos ang imbestigasyon.

“Dapat panagutin ang Philippine Coast Guard at ang reaksyunaryong gubyerno sa kapabayaan sa kanilang tungkuling tiyaking ligtas ang mga pasahero sa lahat ng panahon… Marapat ding singilin si Marcos Jr., ang iresponsableng punong ehekutibo ng reaksyunaryong gubyerno dahil habang lubos na naghihirap ang mga Rizaleño at ang mamamayang Pilipino mula sa mga epekto ng Bagyong Egay ay muli siyang naglalamyerda sa ibang bansa, partikular sa Malaysia,” pahayag ni Armando Guerrero, tagapagsalita ng NDF-Rizal. K

KULTURA

# Si Gani* at ang mundo ng maliliit na tao

*ni Adel Serafin*

Maliit lang siyang tao. Kung sa *flag ceremony* at *seating arrangement* sa klase, kadalasan siya ang inilalagay sa unahan. Kung sa karaniwan, ang mga katulad niya ang madalas na binu-*bully*, pinagkakatuwaan biruin o kaya ay asarin.

Pero mabilis siyang natutong lumaban. Hindi siya basta-basta nagpapadaig o nagpapatalo lalo kapag alam niyang inaapi siya. Taglay niya ang katangiang mabilis umangkop sa mga bagay-bagay sa kanyang paligid. *Streetsmart*, ika nga. Mabilis siyang dumiskarte sa iba’t ibang usapin. Mabilis siyang matuto hanggang sa kung paanong kaagad ilalapat ang natutunan sa pang-araw-araw na kairalan.

Tulad ng karaniwang maliit na tao, wala siyang mataas na pinag-aralan. Gradweyt lang sa matabang lapis, ika nga. Lagi niyang ikinukuwento sa kanyang asawa at anak, na noong pumapasok pa siya ng elementarya, umaakyat siya sa punong mangga kapag oras na ng *recess* o tanghalian dahil nahihiya siya na hawot na naman ang ulam niya habang *hotdog* naman ang sa mga kaklase niya. Noong panahon na iyon, *status symbol* na ang makapagbaon ng *hotdog* o *tocino* sa eskwela.

Pagkagradweyt ng elementarya, pinili niyang maghanap ng paraan upang kumita, makatulong sa magulang at matupad sana ang pangarap na makapag-*highschool* sa Holy Academy. Nag-*extra* siya sa isang talyer malapit sa kanila. Sa *proud* na pagkukuwento ng kanyang ina, mula sa simpleng paghe-*helper* sa talyer, maagap siyang nagkaroon ng interes sa pagmamaneho. Kada hapon, pinagpa-praktisan niyang mag-*drive* ng *owner* kahit ‘hagya pa halos lumitaw ang ulo niya sa manibela… Tuwang-tuwa sa kanya ang mga tao. Dito na siya makikilala bilang ang bibong si Gani.

Hanggang sa hindi na niya nalingil ang pag-aaral palibhasa’y nakaranas nang kumita. Naging skilled siya sa pagwe-*welding*, sariling aral, walang *tesda-tesda*[1]! Hanggang sa pasukin niya ang iba’t ibang raket sa buhay upang kumita. Naging komite sa *basketball*, naging empleyado ng *jueteng*, peryante at kung anu-ano pa na kung saan-saan nakakarating at kung sinu-sino ang nakikilala. Hanggang sa matuto din siya ng iba’t ibang bisyo.

Pero sa lahat ng dinanas at pinasok niya sa buhay, isang klase ng iligal sa mata ng bulok na gubyerno ang magta-transporma ng simple at karaniwan niyang buhay tungo sa isang buhay na marangal at dakila. Ito ay ang pagiging NPA.

Dahil na rin sa sariling karanasan, hindi naging mahirap para sa kanya na maunawaan ang pangangailangan ng mamamayan na lumaban at manindigan para sa kanilang karapatan.


Bago magdesisyon na sumampa sa NPA, namulat na siya nang maaga sa kanila mismong baryo, naging aktibistang kabataan hanggang sa maging isang lider-masa. Sa likod ng mikropono, ang matalas pero lapat sa masa niyang pananalita ang guguhit sa alaala ng libu-libong mga biktima ng demolisyon at pang-aapi. Maaalaala siya bilang ang maliit na taong sumasampa sa *hood* ng *jeep* kapag nagsasalita para lamang masigurong makikita at maririnig siya ng lahat.

Kung kailan naman iniwan na niya ang kanyang mga kalokohan mula nang maorganisa, saka naman siya makukulong. Ito ay nang pinili niyang samahan sa *rally* ang mga nagugutom na manininda ng Sta. Clara na ginipit ng PPA[2] noong magpa-Pasko ng 2008. Muntik na siyang mag-Pasko sa kulungan, dahil sa halip na pakinggan ng Mayor ang hinagpis ng magtitinda, mas pinili niyang ipahuli ang mga raliyista. Dahil dito, matatanim sa kanyang isip kung bakit ang gumagawa ng tama at makatwiran ang siyang inuusig at tinutugis ng gubyerno habang namamayagpag sa kapangyarihan ang nagpapalaganap ng kabuktutan.

Kalaunan, hindi na siya masasapatan sa pinapakitid nang espasyo ng parlamentaryong paglaban hanggang sa magpasya na siyang talaktakin ang armadong pakikibaka.

Dito magkakaroon ng katuparan ang kanyang pangarap mula pagkabata na maging doktor o abugado paglaki.

Hindi lamang siya naging abugado, naging huwes pa nga sa maraming pagkakataon. Bilang NPA, inani niya ang pagkilala sa kanya ng masa at mga kaibigan. Sa kanya at sa mga kasama idinudulog ng marami ang kanilang mga usapin at problema — hinggil sa lupa, kabuhayan, sakit sa ulong anak, awayan sa patuto, mga barakong namemerwisyo sa baryo, mga pulis na nangongotong at marami pang iba. Buong-buo ang kanyang kasiyahan sa tuwing aktwal siyang nakakalahok sa pagharap at pagresolba sa mga ito.



**Si Isagani "Ka Ringo" Isita ay namartir noong Hulyo 30 sa Brgy. Lucutan Malabag, Sariaya, Quezon. Isa siyang kadre at Pulang kumander sa kanilang yunit.*

Nakaipon siya ng maraming '*proud moments*' sa kanyang buhay. Kabilang dito ang pagdalo niya sa isang pormal na pagsasanay medikal. Sa wakas, naging doktor na siya; manggagamot ng masang anakpawis. Naging mahusay rin siyang dentista, dangan nga lang at maagang mapipinsala ng mga dinanas na labanan ang kanyang magkabilang kamay.

Pero ang sadyang ikinagalit sa kanya ng estado ay ang matalas ninyang pagtitindig ng kapangyarihan ng demokratikong gubyernong bayan sa hanay ng mga kaaway sa uri. Maliit man siyang tao, hindi siya kinakitaan ng pagkasilong o pangingimi sa sinuman sa kanila. Hanggang sa hindi lang ang pagkilala ng naghaharing uri sa lakas at impluwensya ng rebolusyonaryong kilusan ang maipundar kundi naitayo rin ang mga pagkakaibigan at relasyong ibayong nagpabulwak ng suporta para sa makatarungang pakikibaka ng masang anakpawis.

Mula sa pagiging maliit at karaniwang tao, ginawang napakalaki ng pasistang estado ang kanyang pangalan hanggang sa lamnin ito ng pambansang dyaryo at telebisyon hanggang sa patungan ng milyong halaga ang kanyang ulo at gastusan ng todo-todo ng berdugong AFP at nagkakailang rehimen ang mga operasyon upang mahuli o mapatay lamang siya.

Kung ilang beses na siyang nanganib pero dahil sa pagmamahal sa kanya ng masang anakpawis na kanyang pinaglilingkuran, makailang ulit na nabigo ang kaaway na utangin ang kanyang buhay. Kinailangan pa ng kaaway gumugol ng napakahabang panahon, maraming rekurso at lakas tauhan bago nila maisagawa ang kanilang maitim na balak ngunit hanggang sa huli, bigo silang burahin ang kanyang gintong alaala sa isip at puso ng masang anakpawis na pinag-alayan niya ng kanyang kaisa-isang buhay.

Para sa kanyang mga ka-tropa, literal na naging kabatak at mga nakilala mula pagkabata, mula sa simpleng si Gani, tatawagin nila siyang si 'Idol.'

Sa hanay ng masang anakpawis, siya ay naging si Ka Sid, si Ka Alken, si Kuya Baste, si Ka Zhuge, si Ka Toyang, si Ka Yano, at si Ka Ringo.

Para sa mga nagmamahal sa kanyang kasama at aliw na aliw sa kanyang mga *antics*, siya si Batman — ang maliit na taong maligalig mang alalahanin, lumikha at gumuhit ng malaking puwang sa ating mga puso at isipan na kailanman hindi mawawala habambuhay. K

———

*1 TESDA - Technical Education and Skills Development Authority*

*2 PPA-Philippine Ports Authority*